



Maligayang Pagdating sa CalFresh! Anong Susunod?

Ang Pagpapanatili Ng Iyong Mga Benepisyo sa Calfresh Ay Kasing Dali Gaya Ng 1, 2, 3

1 LAGING IULAT ANG KITA NA LUMALAMPAS SA IYONG INCOME REPORTING THRESHOLD (IRT)

Ano Ang IRT?

Ang iyong IRT ay ang **kabuuang buwanang kita** na kailangan mong iulat. Ang ibig naming sabihin sa "kabuuang buwanang kita" ay ang anumang pera na natatanggap ng iyong mbahayan bago bawasin ang buwis.

Ano Ang Gagawin Ko Kung Ang Kabuuang Kita Ng Aking Sambahayan Ay Lumampas Sa Aking IRT?

Kung sa anumang panahon ang kabuuang kita ng iyong Sambahayan ay lumampas sa iyong IRT, dapat mong iulat ang iyong bagong kabuuang kita sa iyong manggagawa sa loob ng 10 araw ng kalendaryo ng pagtanggap nito.

Paano Ko Iuulat Na Ang Aking Bagong Kita Ay Lumampas Sa Aking IRT?

Maaari mong i-ulat ang iyong bagong kita sa pamamagitan ng pagtawag sa Customer Service Center sa (866) 613-3777, U.S. Mail, o nang personal sa iyong lokal na tanggapan ng DPSS.

Bilang ng Tao sa Iyong Sambahayan	IRT - Limitasyon sa Kabuuang Buwanang Kita ng Samabahayan
1	\$1,383
2	\$1,868
3	\$2,353
4	\$2,839
5	\$3,324
6	\$3,809
7	\$4,295
8	\$4,780
Bawat Karagdagang Tao	+486

Halimbawa: Ang iyong IRT para sa iyong pamilya ng 4 ay \$2,839.

Kumita ka ng \$3,165 sa buwang ito, na \$326 ang taas sa iyong IRT. Dapat mo itong iulat sa loob ng 10 araw ng kalendaryo ng pagtanggap ng pera.



Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring tawagan ang customer service sa (866) 613-3777 o para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng DPSS sa dps.lacounty.gov.





2 KUMPLETUHIN AT ISUMITE ANG IYONG KALAHATIANG-TAONG ULAT (SAR 7) SA TAMANG ORAS

Ano Ang SAR 7?

Ang SAR 7 ay isang ulat ng CalFresh kung saan dapat mong ibigay ang kasalukuyang katayuan ng iyong data ng Sambahayan. Kabilang sa mga data ng sambahayan ang kita, bilang ng mga taong naninirahan sa bahay, mga gastos, tirahan, atbp.

Anong Impormasyon Ang Dapat Kong I-update sa Aking SAR 7?

Dapat mong sagutin ang lahat ng mga katanungan sa iyong ulat ng SAR 7. **Kung nag-uulat ka ng anumang mga pagbabago, dapat kang magbigay ng pagpapatunay** tulad ng mga stub ng check, numero ng social security para sa mga bagong miyembro ng sambahayan, atbp.

Kailan Ko Dapat Punan Ang Aking SAR 7?

Ang karamihan sa mga sambahayan ay dapat kumpletuhin at magsumite ng isang SAR 7 isang beses sa isang taon at may takdang petsa na **ika-5 araw ng kalendaryo ng "buwan ng pagsusumite"**. Ang iyong "buwan ng pagsusumite" ay sumusunod sa iyong "buwan ng ulat/data", na ipinahiwatig sa iyong ulat ng SAR 7.

Buwan ng Pagsusumite - Ang buwan na nakatakda ang iyong SAR 7 sa DPSS at ang petsang ito ay isusulat na sa iyong SAR 7.

Buwan ng Pag-uulat/Data - Ito ang buwan bago nakatakda ang iyong SAR 7 at iulat mo ang data ng iyong sambahayan.

Paano ko isusumite ang aking nakumpletong SAR 7?

Isumite ang iyong SAR 7 at ang mga pagpapatunay sa **online** sa pamamagitan ng website ng YBN sa dpss.lacounty.gov, sa U.S. Mail, o nang personal sa iyong local na tanggapan ng DPSS.

Halimbawa: Nagkaroon ka ng isang sanggol noong Nobyembre, at ang buwan ng iyong ulat/data ay Nobyembre.

Dapat mong isumite ang iyong kumpletong SAR 7 kasama ang mga pagpapatunay sa Disyembre 5 (ika-5 araw ng kalendaryo ng iyong buwan ng pagsusumite).

3 KUMPLETUHIN ANG PAKETE NG MULING PAGPAPATIBAY AT PAKIKIPANAYAM SA TELEPONO

Ano Ang Muling Pagpapatibay?

Ang Muling Pagpapatibay ay muling pagsusuri ng iyong mga benepisyo sa CalFresh at impormasyon sa sambahayan. Ito ay binubuo ng isang aplikasyon sa **Muling Pagpapatibay** at isang **nakatakdang panayam sa telepono**.

Kailan Ko Kailangang Kumpletuhin Ang Aking Aplikasyon sa Muling Pagpapatibay at Pakikipanayam sa Telepono?

Ang karamihan sa mga sambahayan ay dapat kumpletuhin ang isang muling pagpapatibay bawat 12 buwan. Ang DPSS ay Magpapadala sa iyo ng isang aplikasyon sa Muling Pagpapatibay at magtatakda ng pakikipanayam sa telepono sa iyo. Kailangan mong kumpletuhin at isumite ang iyong aplikasyon sa Muling Pagpapatibay sa iyong manggagawa sa **ika-25 ng buwan na natanggap mo ito**. Dapat itong gawin bago makilahok sa iyong nakatakdang panayam sa telepono.

Paano Ko Isusumite Ang Aking Aplikasyon sa Muling Pagpapatibay?

Maaari mong isumite ang iyong aplikasyon sa Muling Pagpapatibay sa online sa website ng YBN sa dpss.lacounty.gov, sa pamamagitan ng U.S. Mail, o nang personal sa iyong lokal na tanggapan ng DPSS.

Halimbawa: Ang mga benepisyo ng CalFresh ay naaprubahan noong Enero. Matatanggap mo ang iyong aplikasyon sa Muling Pagpapatibay sa Nobyembre 12 at ang iyong pakikipanayam sa telepono sa Muling Pagpapatibay ay itatakda para sa Disyembre 8.

Dapat mong isumite ang iyong aplikasyon sa Muling Pagpapatibay sa Nobyembre 25 bago makumpleto ang iyong nakatakdang pakikipanayam sa telepono sa Disyembre 8.

